


Ang Glenorchy City Council ay magpapalit ng serbisyo sa pangongolekta ng basura tungo sa tatluhan basurahan. Ang bagong basurahan ay para sa mga basura sa hardin at tira-tirang pagkain, at ito ay tinatawag na basurahang FOGO (Food Organics Garden Organics, Mga Organiko sa Pagkain Mga Organiko sa Hardin).

## ANO ANG AKING MAKUKUHA SA FOGO?

- Isang bagong de-gulong na basurahan na may kulay berdeng takip
- Isang pang-kusinang lalagyan (caddy) para sa mga tira-tirang pagkain
- Isang rolyo ng mga nabubulok (compostable) na mga bag para sa loob ng basurahan



Oo Maaari Mong Gawin

### Oo Maaari Mong Gawin



Tira-tirang Pagkain – Karne, buto (luto o hilaw), mga pagkaing-dagat, mga pagkain mula sa gatas, mga tira-tirang gulay at prutas.



Basura sa hardin – Mga ginapas na damo, dahon, banakal (bark), damo, maliliit na sanga na hindi mas makapal kaysa sa iyong bisig.



Papel – Ginutay na mga papel, paper towel, papel na napkin at tisyu, nabubulok na lalagyan ng pagkaing take-away at karton ng pizza.



Basura ng Hayop – Buhok ng alagang hayop, organikong litter ng pusa, maruming papel mula sa mga hawla ng ibon. Mga dumi ng hayop, pero hindi dapat nakabalot sa plastik – ibalot ito sa diyaryo o ilagay sa mga bag na nabubulok.



Hindi Mo Maaaring Gawin

### Hindi Mo Maaaring Gawin



Walang matigas o malambot na mga plastik (kahit pa nabubulok o biodegradable), tela o mga damit, mga nappy (diaper), normal na mga bagay na nareresiklo (recyclable), naka-wax o nakalaminang papel, makapal na mga sanga ng puno o iba pang mga basura.



### NAPAKAHALAGA



Mangyaring huwag ilagay ang mga plastik na bag sa iyong pang-kusinang caddy o panlabas na basurahang FOGO – kahit pa ang mga ito ay degradable, biodegradable o 'mula sa halaman' - maaari pa ring lahat ng ito ay naglalaman ng plastik at nagpupunit-punit upang maging mga micro-plastik na napakasama para sa kapaligiran.

## ANO ANG MANGYAYARI?

### Istandard na Serbisyo

Ang mga koleksiyong FOGO ay nagsimula noong 17 Pebrero 2020

Ang mga basurahang FOGO ay ilalabas para sa koleksyon sa kaparehong araw ng kasunod na linggo ng iyong basura at resiklo.

- hal. *Kung ang iyong mga basurahang pambasura at resiklo ay nakolekta sa Lunes 10 Pebrero, ang iyong basurahang FOGO ay kokolektahin sa Lunes 17 Pebrero.*  
*Kung ang iyong mga basurahang pambasura at resiklo ay nakatakdang kolektahin sa linggo ng simula ng Pebrero 17, sa susunod na linggo ay kokolektahin naman ang iyong basurahang FOGO.*

### Mga Yunit na may Basurahan na maraming gumagamit (Shared Bins)

Kung ikaw ay nakatira sa isang yunit kung saan ang mga basurahan ay maraming gumagamit, ang koleksyon ng inyong FOGO ay sa Martes at ang inyong basura at resiklo ay sa Biyernes. (2 koleksyon sa isang linggo)

- hal. *Kung ikaw ay nakatira sa isang gusali na may maraming yunit at may mga basurahan na maraming gumagamit, ang inyong koleksyon ng basura ay magiging dalawang beses sa isang linggo - ang FOGO ay kokolektahin tuwing Martes, ang normal na basura at resiklo ay kokolektahin tuwing Biyernes.*

Bisitahin ang website na [wastestartswithu.com.au](http://wastestartswithu.com.au) para sa karagdagang impormasyon at upang panoorin ang kapaki-pakinabang na paano-gagawin (how-to) na mga video.